

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Inaanunsyo ng Lungsod ng Brampton na ihihinto ng mga bar, restawran at mga establisyamento ng pagkain sa Brampton ang personal na serbisyo para makontrol ang pagkalat ng COVID-19

BRAMPTON, ON (Marso 16, 2020) – Sinusuportahan ng Lungsod ng Brampton ang Peel Public Health sa pagsunod sa anunsyo sa araw na ito mula sa Probinsya ng Ontario na nag-uutos sa mga bar, mga restawran at mga establisyamento ng pagkain na huminto sa personal na serbisyo para makatulong sa pagkontrol ng pagkalat ng COVID-19.

Bukod pa, mahigpit na inirerekumenda ng Peel Public Health ang pagsara ng mga nightclub, mga sinehan at mga venue ng concert umpisa sa 12:01 a.m., Marso 17, 2020. Hinihikayat ng Peel Public Health ang lahat na magsikap sa social distancing. Ang social distancing ay tungkol sa pag-iwas sa pisikal na kontak at pananatili sa ligtas na distansya mula sa iba (tinatayang 2 metro).

Patuloy na matinding inirerekumenda ng Peel Public Health na ang mga residenteng nagbiyahe sa labas ng Canada, kabilang sa United States, ay dapat ihiwalay ang sarili sa loob ng 14 na araw.

Kahit na ang maraming restawran, mga bar at mga establisyamento ng pagkain ay gumawa na ng panlahat na hakbang na kusang-loob na baguhin ang paraan kung paano nila ginagawa ang negosyo para protektahan ang mga residente ng Peel, ang alinmang negosyo sa Peel na pipiling labagin ang alinman sa mga rekomendasyon ng Probinsya o ng Peel Public Health ay mapapailalim sa mga kautusan sa ilalim ng Batas sa Proteksyon at Promosyon sa Kalusugan.

Hinihikayat ng Lungsod ng Brampton ang mga residente na suportahan ang lokal sa mga establisyamento sa serbisyo sa pagkain sa pamamagitan ng paggamit ng available na mga take out at pick-up na opsyon.

Para sa pinaka-kasalukuyang mga update at mga madalas na itinatanong (FAQs) tungkol sa mga serbisyo ng Lungsod, at mga pagsasara ng pasilidad at programa, pakibisita sa www.brampton.ca/covid19.

Para sa kasalukuyang impormasyon mula sa Peel Public Health, bumisita sa: www.peelregion.ca/coronavirus.

QUOTE

“Ang pagiging maagap at pagtulong sa pagpigil sa pagkalat sa komunidad ng COVID-19 ay nangangailangan ng mabilis, pinagsamang aksyon. Ang Lungsod ng Brampton ay lubos na sumusuporta sa mga rekomendasyon ng Peel Public Health na unahin ang kaligtasan ng komunidad sa pamamagitan ng pagsara sa lahat ng mga dine-in sa mga lokal na establisyamento ng pagkain, kabilang ang mga restawran, mga bar, at mga coffee shop. Committed ang Lungsod ng Brampton sa pagpapababa ng epekto ng hindi pa nagawa dati na aksyon na ginawa bilang tugon sa COVID-19. Mas importante na mananatili tayong nagkakaisa bilang isang komunidad, at hinihingi ko ang patuloy na suporta ng publiko habang sinasaliksik natin ang mga darating na linggo.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media & Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca